

Mga Variant at Booster ng COVID-19

Katiyakang Kaalaman

Mga Booster ng COVID-19:

Bakit Kailangan Ko Ng Isa Pang Bakuna?



Bakit kailangan kong patuloy na makakuha ng mga booster ng COVID-19?

Mawawala kalaunan ang proteksyon mula sa unang bakuna sa COVID-19. Tumutulong ang mga Booster na mapanumbalik ang proteksyong iyon. Nagbabago rin sa paglipas ng panahon ang COVID-19 virus, at hindi rin nagpoprotekta laban sa mga bagong bersyon o variant ng virus ang mga orihinal na bakuna at booster. Nagdidisenyo ang mga siyentipiko ng mga booster na nagpoprotekta laban sa mga bagong variant.

Ano ang pinagkaiba ng pinakabagong booster kaysa sa mga bakunang nakuha ko na?

Ang unang mga bakuna para sa COVID-19—na tinatawag na pangunahing serye—ay idinisenyo para maprotektahan ka laban sa orihinal na variant ng COVID-19. Ipinapanumbalik ng unang booster ang proteksyong iyon sa pamamagitan ng pagpapaalala sa katawan na maghanda para sa impeksyon ng COVID-19. Ang pinakabagong gawang (pangalawang) booster ay nagpapanumbalik ng proteksyon at nagdaragdag ng proteksyon laban sa pinakakaraniwang mga variant ng COVID-19, ang BA.4 at BA.5 (Omicron).

Paano kung mayroon na akong COVID-19?

Kahit na nagkaroon ka ng COVID-19, ang pagkuha ng booster sa COVID-19 ay nagbibigay ng karagdagang proteksyon laban sa virus.

Kailan ako ituturing na napapanahon sa aking mga pagbabakuna?

Tinutukoy ng iyong edad kung aling mga bakuna at booster ang iyong kailangan para ituring na napapanahon. Narito ang mga rekomendasyon ng [Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit \(Centers for Disease Control and Prevention, CDC\)](#):



MGA EDAD

6 na buwan –
4 na taong gulang

PAGGAMOT

Pangunahing serye
+
ika2- booster
(mula sa Pfizer o Moderna)




MGA EDAD

5 – 11 taong gulang

PAGGAMOT

Pangunahing serye
+
ika2- booster
(mula sa Pfizer o Moderna)



MGA EDAD

12 – 17 taong gulang

PAGGAMOT

Pangunahing serye
+
ika2- booster
(mula sa Pfizer o Moderna)



MGA EDAD

>18 taong gulang

PAGGAMOT

Pangunahing serye
+
ika2- booster
(mula sa Pfizer o Moderna)

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung aling booster ang kailangan mo at kung kailan ito kukunin, sagutan ang [Interaktibong Pagsususi sa Booster \(Interactive Booster Quiz\)](#) ng CDC.

**Libre at available
na ngayon ang mga
booster ng COVID-19.**

Iiskedyul ang iyong appointment gamit ang [Tagahanap ng Suporta ng NCRN \(NCRN Support Finder\)](#) o tumawag sa 1-877-904-5097 para maghanap ng mga lokasyon ng pagbabakuna na malapit sa iyo.

This publication is supported by the Centers for Disease Control and Prevention of the U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling \$5,793,548 with 100% percent funded by CDC/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by CDC/HHS, or the U.S. Government.

APIAHF
ASIAN & PACIFIC ISLANDER
AMERICAN HEALTH FORUM